American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-09-19
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# PAGBUO AT BALIDASYON SA PANUNURING PAMPELIKULA TUGON SA PAGBUO NG MAKABAGONG DULOG SA PAGSUSURI

Roselle Lyn S. Lagdameo [1], Sierra Marie S. Aycardo, PhD [2]
[1](Southern Luzon State University - Laboratory School, Lucban, Quezon, Philippines)
[2] 2(College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University - Sta Cruz, Laguna, Philippines)

**ABSTRACT :** Ang pag-aaral na ito ay naglayong makabuo at magkaroon ng balidasyon sa panunuring pampelikula bilang tugon sa pagbuo ng makabagong dulog sa pagsusuri. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibong pagdulog sa metodong Mixed Method. Layon ng pananaliksik na mabigyang tugon ang mga sumusunod na layunin; matukoy ang lebel ng balidasyon ng mga guro at mag-aaral sa binuong elektronikong aplikasyon na binigyang bagong pangalan na Suritronikong Aplikasyon bilang makabagong dulog sa pagsusuri ng pelikula sa pag-uugali ng mag-aaral. Nilayon din na matukoy ang pagkakaiba ng balidasyon ng guro at mag-aaral sa binuong materyal. Gayundin nilayon din ng pag-aaral na ito na alamin ang mga pag-uugali na makikita mula sa mga mag-aaral pagkatapos na mapanood ang mga napiling pelikula para sa kagamitang pampagtuturo. Base sa nakalap na mga datos, lumabas na Lubos na Katanggap-tanggap ang binuong materyal na Suritronikong Aplikasyon batay sa; disenyo, pagkakaayos, nilalaman, at kahalagahan. Ayon naman sa resulta ng pag-uugaling dapat makita pagkatapos magsuri gamit ang Suritronikong Aplikasyon batay sa Damdamin, Pag-iisip, Kaasalan at Lipunan na may pamantayan na Nilalaman, Pagkaorganisa, Pagpapaliwanag, Kaugnayan, at Kalinawan makikita na mas nabibigyang pansin ng mga mag-aaral ang nilalaman nito. Mas naipapakita at nauunawaan ng mga mag-aaral ang nilalaman ng pelikula sa tulong ng paggamit ng Suritronikong Aplikasyon. Sa huli, ang haypotesis na walang makabuluhang epekto ang paggamit ng Suritronikong Aplikasyon sa pag-uugali ng mga mag-aaral ay malaki. Ipinakita rin na may umiiral na relasyon sa pagitan ng pagsusuri ng pelikula sa pag-uugali ng mga mag-aaral, subalit ang antas ng epekto ay nagkakaiba depende sa partikular na dimensyon ng pag-uugali. Para naman sa panghuling haypotesis na walang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng balidasyon ng mga guro at mag-aaral sa binuong materyal lumalabas na Walang makabuluhang Pagkakaiba. Dahil sa naging resulta ng pag-aaral inererekomenda ng mananaliksik na gamitin ng mga guro sa Filipino ang materyal na Suritronikong Aplikasyon bilang makabagong dulog sa pagsusuri ng Pelikula. Dahil bukod sa lubos itong katanggap-tanggap bilang kagamitang panturo ay napatunayan din na mayroon itong malaking epekto sa pagtukoy sa pag-uugali at pagpapaunlad ng kaalaman ng mga mag-aaral.

***KEYWORDS :*** *Elektronikong Aplikasyon, Suritronikong Aplikasyon, Kagamitang Pampagtuturo, Pagsusuri ng Pelikula*

## I. PANIMULA

Ang pagtuturo ay isang proseso na kung saan ito ay pagkintal ng kaalaman sa isang maayos o masistemang paraan. Sa masining na paraan ng pagtuturo nakasalalay ang mabisang pagkatuto kaya nararapat lang na ang isang tagapagturo ay mapamaraan at malikhain upang mapagtagumpayan ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang guro ay ang tagapagturo sa loob ng isang silid-aralan. Ang epektibong pagtuturo ay nakabatay sa isang guro gayundin sa pamamaraan at estratehiya na kanyang ginagamit. Upang maging mabisa ang pagtuturo, nararapat na ang guro ay nagtataglay ng mga katangian tulad ng: nakukuha ang atensyon ng mga mag-aaral, nagtataglay ng bagong kaalaman, kakayahan at kasanayan, at gumagamit ng mga kagamitan upang maisagawa ang layunin sa pagtuturo at magbunga ng magandang kinalabasan sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Bawat guro ay may kanya-kanyang mithiin at layunin para sa pagtuturo sa kanyang mga mag-aaral. At lahat ng mga ito ay may kanya-kanya ring paraan paano matututo ang bawat isang mag-aaral. Ang pagkatuto na magagamit nila hindi lamang sa pagtatrabaho kundi pati sa pang-araw-araw nilang pakikisalamuha sa kanilang kapwa. Ngunit paano nga ba matutugunan ang layunin ng isang makabuluhang pagtuturo kung kulang ang mga paaralan sa kagamitang pampagtuturo na lilinang at aayon sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Binanggit ni Zamora (2016) na batay sa balangkas ng ika-21 siglong kasanayan (2007), sa kasalukuyan, kailangan ng mga mag-aaral ng kasanayan upang maging matagumpay sa buhay. Ngunit sinasabi rin na hindi ito bago. Maaaring bago ang mga terminolohiya ngunit kaakibat nito ang “Information Technology” at “Global Awareness”.

Isa nga ang asignaturang Filipino na kinakailangan ng makabagong kagamitan. Nagiging problema sa isang paaralan ang kagamitang pampagtuturo para malinang ang kaalaman ng mga mag-aaral lalo't higit sa pampanitikan katulad ng pagsusuri. Kinakailangan nito ang kagamitang makakukuha ng atensyon ng mga mag-aaral upang matugunan ang layunin na nais maisakatuparan. Kapansin-pansin din ang kakulangan ng mga libro lalo sa asignaturang Filipino, sa kadahilanang kakaunti ang manunulat na nagnanais gumamit ng sariling wika at gayundin ay kakaunti rin ang nagnanais na magsulat ng mga suring akda katulad ng patungkol sa Pelikula. Kung kaya't marami sa mga mag-aaral ay hindi nauunawaan ng lubos ang pagsusuri ng isang akda.

Mula sa pananaliksik nina Villanueva et al. (2023) binanggit na kinakailangan na ang mga guro ngayon ay nararapat lamang na sumabay sa hamon ng pagbabago ng mga mag-aaral lalo na sa mga mahihilig sa gadgets at may ibang karanasan. Magiging mabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung magkakaroon ng bagong kagamitan na makalilinang sa kanilang pagkatuto at dapat ito'y nakabase sa atensyon ng mga mag-aaral katulad na lamang ng paggamit ng teknolohiya sa pamamagitan ng apps o site sa pagtuturo. Sa panahon ngayon hindi ganoon kalubos ang pagkaunawa ng mga mag-aaral kung gumagamit pa rin ang guro ng tradisyonal na pamamaraan sapagkat ito ay taliwas na sa pagkawili sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay Silva (2008) sa pananaliksik na isinagawa ni Zamora (2016) sinasabi na kailangang makita o masalamin sa isang kagamitang pampagtuturo ang isang mahusay na kurikulum at pagtuturo.

Mula rin sa pahayag nina Rothernham at Willinghamities (2009), masasabing bago dahil mula sa kaalaman na makukuha ng mag-aaral ay kailangang analisahin upang magamit sa realidad at isa ang mga instrumentong nais maisakatuparan ay ang mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa loob ng klase.

Kung ating bibigyang pansin, sa kasalukuyang panahon paunti nang paunti ang nakakaunawa ng mga tunay na pangyayari, lalo na pagdating sa mga nagiging tema ng mga pelikula. Madali na para sa mga tao ang magbitaw ng mga salitang hindi naman nila nasuri ng maayos. Sa sinulat ni Tolentino (2016) mababasa na mali ang pagsusuri ng ilan sa mga pelikula, sapagka't makikita na ito ay lalamnin lamang ng emosyon ng mga manonood at hindi nakikita ang tunay na kritisismo. Marami na rin ang basta lamang bumabase sa kung ano ang naririnig lamang. Ang paglaganap ng maling hinuha mula sa mga napapanood at pinapakinggan ay hindi nakatutulong upang mas matuklasan natin ang tunay na pangyayari at pagtuklas kahit sa mga simpleng bagay lamang.

Ang panonood ng mga pelikula ay makatutulong upang mas maintindihan natin ang mga pangyayari sa kasalukuyan gayundin malaki ang maitutulong nito upang hindi malimutan ng mga tao ang kulturang nakagisnan ng isang bansa. Ngunit sa kakulangan sa kaalaman sa pagsusuri ng isang pelikula mahirap para sa lahat ang matukoy kung ano ang ipinapakita ng isang pelikula. Kung kaya't makatutulong kung ang isang paaralan ay may sapat na pagtuturo sa mga mag-aaral patungkol sa panunuring pampanitikan sa tulong mga makabagong dulog sa pagtuturo.

## II. LAYUNIN

Nilayong malaman sa pag-aaral na ito ang: (1) ano ang katangian ng mga Pelikula: Anak, Seven Sundays, Tanging Yaman, Four Sisters and a Wedding, Inang Yaya. (2) ano ang resulta ng Pilot Testing sa pag-uugaling makikita sa mga mag-aaral batay sa mga sumusunod na Aspeto; Bisa ng sining ng pelikula sa Damdamin, Bisa ng sining ng pelikula sa Pag-iisip, Bisa ng sining ng pelikula sa Kaasalan, Bisa ng sining ng pelikula sa Lipunan. (3) ano ang katangian ng pagbuo ng Suritronikong Aplikasyon. (4) ano ang lebel ng balidasyon sa binuong materyal batay sa: disenyo, nilalaman, pagkakaayos, kahalagahan. (5) may makabuluhang epekto ba ang pagsusuri ng Pelikula sa pag-uugali ng mga mag-aaral. (6) May makabuluhang pagkakaiba ba ang resulta ng balidasyon ng mga mag-aaral at guro sa binuong Suritronikong Aplikasyon bilang makabagong dulog sa Pagsusuri ng Pelikula.

## III. METODO NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong pagdulog sa metodong Mixed Method. Ang kwalitatibong pamamaraan ay ginamit ng mananaliksik upang matukoy ang epekto ng Suritronikong aplikasyon sa pag-uugali ng mga mag-aaral. Samantalang ginamit naman ng mananaliksik ang kwantitatibong pamamaraan para matukoy ang lebel ng balidasyon sa ginawang awtput o kagamitang pampagtuturo sa panunuring pampanitikan sa pelikula. Gayundin ay ginamit ang pamamaraang ito sa pagtukoy sa lebel ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsusuri. Ang mga datos na nakalap ay resulta upang matukoy ng mananaliksik kung may makabuluhang epekto ba ang Elektronikong Aplikasyon sa pagsusuri ng pelikula at pag-uugali ng mga mag-aaral.

Ang mananaliksik ay gumamit ng purposive sampling sa pagpili ng tagasagot sa pananaliksik. Pinili ang mga tagasagot mula sa SLSU-Laboratory School Junior High School Department Grado 7 at Grado 8 upang malaman ang lebel ng pagtanggap sa ginawang awtput at lebel ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng pelikula sa pamamagitan ng talatanungang tseklist. Naging tagasagot din ng mananaliksik ang limang (5) guro na nagpapakadalubhasa sa asignaturang Filipino; tatlo (3) mula sa pampublikong paaralan ng Quezon at dalawa (2) naman mula sa Unibersidad ng Santa Cruz, Laguna, at tatlong (3) IT Expert.

Ang instrumentasyon ng pananaliksik ay tumatalakay sa kung paano nabuo ang talatanungan na nasa anyong tseklist upang malaman ang lebel ng pagtanggap ng mga guro sa binuong awtput o kagamitang pampagtuturo. Gayundin ay ang pagtukoy sa kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng pelikula. Ipinaliwanag din dito kung paano nabuo ang kagamitang pampagtuturo.

Para sa pagbuo ng talatanungang nasa anyong tseklist, ang mananaliksik ay gumawa ng isang tseklist upang alamin ang lebel ng balidasyon ng mga mag-aral mula sa grado 7 at 8, at guro sa asignaturang Filipino sa binuong kagamitang pampagtuturo. Bumuo rin ng talatanungang tseklist ang mananaliksik para sa lebel ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng pelikula. Ito ay upang malaman kung hanggang saan ba ang nalalaman ng mga mag-aaral sa pagsusuri. Bubuoin ito sa tulong ng MELC's Gabay pangkurikulum ng Filipino ng Kagawaran ng Edukasyon.

Nang matapos na ang talatanungan ay ipinasuri ito sa tagapayo upang malaman kung may pagkakamali ba sa binuong tseklist. Matapos na mabago at madagdagan ang tseklist ay dinala ito ng mananaliksik sa validator, ang mga nagpapakadaluhasa sa Filipino o nagtuturo ng pagsusuri. Bago pa ito dalhin ng mananaliksik sa mga napiling mga guro ng asignaturang Filipino sa larangan ng Pagsusuri at pagbuo ng kagamitang pampagtuturo upang sila ang maging evaluator. At bago rin ito mapasagutan sa mga mag-aaral sa Grado 7 at Grado 8.

Para sa pagbuo ng Electronic Application bilang kagamitang pampagtuturo sa Pagsusuri ng Pelikula, inalam ng mananaliksik kung saan ang sakop ng pagtuturo ng pagsusuri ng panitikan sa Junior Highschool. Pagkatapos na ito ay malaman ay nagsagawa ang mananaliksik ng isang pagsusuri sa pelikula sa pamamagitan ng pagtukoy sa tema, banghay, at simbolo nito gayundin ang pagtukoy sa bawat bisa; damdamin, pag-iisip, kaasalan, at lipunan, na nakapaloob sa limang pelikula. Pinili ang limang pelikula na may mga temang patungkol sa pamilyang Pilipino. Ang mga pelikulang ito ay; Anak, Seven Sundays, Tanging Yaman, Four Sisters and a Wedding, at Inang Yaya. Ipinasuri din ng mananaliksik sa nagpapakadalubhasa sa larangan ng pagsusuri ang ginawang paraan ng mananaliksik. Atsaka pa lang nakabuo ng isang elektronikong aplikasyon na tinawag na Suritronikong Aplikasyon.

Ang naging disenyo at pagkakaayos ng kagamitang pampagtuturo na elektronikong aplikasyon ay ginawa ng mananaliksik sa tulong ng tatlong (3) eksperto sa ganitong aplikasyon. Ginamit ng mananaliksik ang My Strikingly ito ay isang aplikasyon na makikita sa internet na nakabubuo ng iba't ibang site na magagamit ng mga mag-aaral at guro sa pagbuo ng iba pang kagamitang pampagtuturo sa kasalukuyan.

Sa pamamaraan ng pangangalap at pag-aanalisa ng mga datos, ang mananaliksik ay pumili ng limang Pelikulang Pilipino na may temang pumapatungkol sa pamilya, kultura at kaugalian ng mga Pilipino. Binigyan ito ng mga katangian upang maipaliwanag kung bakit ang mga Pelikulang; Anak, Seven Sundays, Tanging Yaman, Four Sister and a Wedding, at Inang Yaya ang inilagay sa binuong Suritronikong Aplikasyon bilang makabagong dulog sa Pagsusuri ng Pelikula. Gumawa rin ang mananaliksik ng mga talatanungang nasa anyong tseklist para sa lebel ng balidasyon ng mga mag-aaral at guro para sa binuong kagamitang pampagtuturo, at lebel ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng pelikula. Gayundin ay gumawa ang mananaliksik ng talatanungang na nasa anyo ng pagpapaliwanag ito ay upang matukoy kung anong bisa ng pag-uugali ang mas nalilinang ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng pelikula. Dahil sa magkakalayong lugar ang mga ebalweytor at IT expert ng pananaliksik, gumawa ang mananaliksik ng google drive upang dito ilagay ang mga kakailanganin ng mga tagasagot, katulad na lamang nang; talatanungan, liham, at QR Code ng nabuong materyal. Samantalang pagdating sa mga tagasagot na mag-aaral ay humingi ng tulong ang mananaliksik sa Punongguro ng nasabing paaralan upang makapagpasagot sa mga ito. Humingi rin ng tulong ang mananaliksik sa mga gurong tagapayo ng Grado 7 at 8. Sa kadahilanang nagkakaroon ng problema sa mga mag-aaral ay gumawa ng group chat ang mananaliksik kasama ang mga gurong tagapayo ng mga ito at mga mag-aaral na kasama sa mga magsasagot.
Matapos na makapagpasagot sa 50 mag-aaral ay kinolekta naman ng mananaliksik ang mga naging sagot ng mga guro at mag-aaral para sa lebel ng balidasyon sa binuong kagamitang pampagtuturo. Pagkatapos ay bumalik ang mananaliksik sa mga mag-aaral upang magpasagot muli ng talatanungan na may kasamang kagamitang pampagtuturo na tinatawag na Suritronikong Aplikasyon ng pagsusuri ng pelikula. Matapos na makalap ang mga datos ay pinasa na ito ng mananaliksik sa statistician upang makuha ang pinakaresulta at mainterpret ito ng maayos. Nagkaroon din ng pakikipanayam sa sampung (10) mag-aaral ang mananaliksik upang matukoy kung may epekto ba ang binuong kagamitan sa pagsusuri at pag-uugali ng mga mag-aaral. Pagkatapos ng pakikipanayam ay pinagsama-sama na ng mananaliksik ang mga sagot at pinaliwanag ang naging resulta nito.

## IV. RESULTA AT DISKUSYON

### Katangian ng mga Pelikulang napili

Pinili ang mga pelikula base sa mga katangian nitong taglay at nagpapakita ng mga temang patungkol sa kulturang Pilipino, kaugalian, at Pamilyang Pilipino.Napili ang mga pelikulang; anak, seven sundays, tanging yaman, four sister and a wedding, at inang yaya, sapagkat nagpapakita ito ng iba't ibang aral na huhubog sa pagkatao ng mga mag-aaral. Malaki ang naging epekto ng mga ito base

sa panayam na isinagawa ng mananaliksik. Binaggit ng mga ito na malaki ang naging epekto sa kanilang pamumuhay at pakikisalamuha sa kanilang pamilya. Kapansin-pansin din ang katangian ng mga pelikula na may malalim na emosyon at epektibong pagganap ng mga artista.Ipinakikita rin ang makatotohanang representasyon ng isang tipikal na pamilyang Pilipino - may tensyon, tampuhan, inggitan, agawan ng lupang minana mula sa magulang, ngunit sa huli ay puno ng pagmamahal.

**Resulta ng Pilot Testing batay sa mga Bisa ng sining ng Pelikula; Damdamin, Pag-iisip, Kaasalan, at Lipunan**

Mula sa mga tanong na; Ano-ano ang mga damdamin na nakapaloob sa Pelikula? Ano ang pinakamatinding emosyon na iyong naramdaman? Nakaapekto ba ito sa mga nangyayari sa iyong buhay?, Paano nakatulong sa pananaw mo sa buhay ang mga Pelikula? Ipaliwanag ang iyong mga kasagutan., Paano mo isasabuhay ang mga kaugaliang ipinapakita sa pelikula? Magbigay ng isang espesipikong sitwasyon., at Ano-anong mga gampanin ng mga tao sa lipunan ang nakapaloob sa Pelikula? Isa-isahin ang mga ito at ibigay ang iyong reaksyon. Naging makabuluhan ang mag kasagutan ng mga mag-aaral sapagkat nabigyan nila ng makatotohanang sitwasyon ang bawat katanungan. Ang karamihan ay nagsasabi na labis ang kanilang emosyon na naramdaman mula sa mga pelikula. Bukod sa hindi sila nakapapanood ng mga ganitong klase ng pelikula, kaya ganoon na lamang ang naging epekto nito sa kanilang pamumuhay. Marami sa kanila ay nakasasabay sa mga tema sapagkat tunay na nagaganap sa kanilang mga buhay ang tema ng mga ito. Karamihan sa mga mag-aaral ay katulad ng pelikulang Anak na pinagbibidahan ni Vilma Santos at Claudine Baretto, gayundin ang pelikulang Inang Yaya ni Maricel Soriano. Karamihan sa kanila ay halos hindi na nakakasama o nakakausap manlang ang mga magulang kung kaya't labis ang kanilang pagdaramdam sa mga ito. Kaya noong kanilang napanood ang nasabing pelikula ay nabuksan ang kanilang isipan sa kung ano rin ang nararamdaman ng kanilang mga magulang. Ang pakiramdam na malayo sa kanilang mga anak upang magtrabaho at maibigay ang kanilang pangangailangan. Nakita rin nila kung paano kumilos ang mga tao base sa kaugalian at lipunang kanilang ginagalawan. Nakatutuwa na ang mag-aaral ay labis na natuwa at may natutunan na aral sa mga Pelikulang kanilang napanood.

**Talahanayan 1.1 Pag-uugaling makikita sa mga mag-aaral pagkatapos magsuri gamit ang limang batayan ng pagmamarka, ang Suritronikong Aplikasyon batay sa bisa ng sining ng pelikula sa damdamin**

| Bisa sa Damdamin | Mean | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.24 | Magaling | 1 |
| Pagkaorganisa | 4.14 | Magaling | 2 |
| Pagpapaliwanag | 4.06 | Magaling | 3 |
| Kaugnayan | 3.92 | Magaling | 4 |
| Kalinawan | 3.86 | Magaling | 5 |
| **Kabuuan** | **20.22** | **Magaling** | |

Batay sa isinagawang pagpapaliwanag ng mga mag-aaral bago gamitin ang Suritronikong Aplikasyon makikita na ginamitan ng mananaliksik ng limang pamantayan upang makita kung saan mas nabibigyang pansin ng mga mag-aaral ang kanilang pahayag. Ang aspeto ng Nilalaman ang nakakuha ng pinakamataas na may interpretasyong "Magaling." Ipinapahiwatig nito na ang mga mag-aaral ay lubos na nasiyahan at may mataas na pagpapahalaga sa lalim, lawak, at kaugnayan ng impormasyong inilahad sa pagsusuri. Ang mataas na ranggong ito ay nagpapakita ng kahusayan sa pagbuo ng makabuluhan at substansyal na nilalaman na may kakayahang pukawin ang interes at damdamin ng mga mambabasa.

Sa pangkalahatan, ang pananaliksik ay nakakuha ng kabuuang mean na 20.22, na may interpretasyong "Magaling." Ipinapakita nito na epektibong naihatid ang nilalaman sa paraan na may bisa sa damdamin ng mga mambabasa. Gayunpaman, maaaring higit pang mapahusay ang ilang aspeto, partikular sa kalinawan at kaugnayan, upang matiyak ang mas mataas na antas ng bisa at pagpapahalaga sa pananaliksik.

Ayon kay Bloom (1956) sa kanyang Taxonomy of Educational Objectives, ang bisa sa damdamin ay isang mahalagang bahagi ng pagkatuto na nakapokus sa emosyon, saloobin, at pagpapahalaga ng isang mag-aaral sa kanyang natutunan. Ang pagsusuri ng isang aralin gamit ang teknolohiya, tulad ng suritronikong aplikasyon, ay maaaring mapabuti ang bisa sa damdamin ng isang mag-aaral sa pamamagitan ng mas malinaw na presentasyon ng nilalaman, organisasyon ng impormasyon, at epektibong pagpapaliwanag. Sa pag-aaral nina Mayer at Moreno (2003) tungkol sa multimedia learning, kanilang natuklasan na ang paggamit ng teknolohikal

na aplikasyon ay may positibong epekto sa pagkatuto at emosyonal na tugon ng mga mag-aaral. Ang malinaw na pagpapaliwanag, organisadong presentasyon, at interaktibong nilalaman ay nagdaragdag ng motibasyon at mas epektibong pagkatuto.

**Talahanayan 1.2. Pag-uugaling makikita sa mga mag-aaral pagkatapos magsuri gamit ang limang batayan ng pagmamarka, ang Suritronikong Aplikasyon batay sa bisa ng sining ng pelikula sa pag-iisip**

| Bisa sa Pag-iisip | Mean | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 3.92 | Magaling | 1 |
| Pagkaorganisa | 3.9 | Magaling | 2 |
| Pagpapaliwanag | 3.66 | Magaling | 4 |
| Kaugnayan | 3.7 | Magaling | 3 |
| Kalinawan | 3.54 | Magaling | 5 |
| **Kabuuan** | **18.72** | **Magaling** | |

Lumilitaw na ang pananaliksik ay may mataas na antas ng bisa sa pag-iisip, na may kabuuang berbal na interpretasyong “Magaling.” Ipinapahiwatig nito na ang pag-aaral ay may kakayahang pumukaw ng kognitibong proseso, humikayat ng masusing pagsusuri, at magdulot ng malalim na pagninilay sa mga mambabasa.
Ang mataas na antas ng nilalaman ay nagpapakita na ang impormasyong inilahad sa pananaliksik ay itinuturing na may substansyal na halaga, intelektwal na kabuluhan, at may kakayahang magdulot ng malalim na pagninilay sa mga mambabasa. Ang pagkakaroon ng komprehensibong talakayan sa paksang tinatalakay ay isang pangunahing salik sa pagiging epektibo ng pananaliksik sa pagpapalawak ng kaalaman.

Sa pangkalahatan, ipinakikita ng datos na ang pananaliksik ay may matibay na bisa sa pagpapalawak ng intelektwal na pag-unawa ng mga mambabasa. Sa pag-aaral ni Sweller (2017) tungkol sa Cognitive Load Theory, ipinakita na ang tamang paggamit ng multimedia ay nakatutulong sa pagpapahusay ng kakayahang mag-analisa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbabawas ng cognitive overload. Ang mga makabagong aplikasyon tulad ng suritronikong aplikasyon ay maaaring magbigay ng mas malinaw na impormasyon sa isang organisadong paraan, na siyang nagreresulta sa mas mataas na bisa ng pag-iisip. Gayunpaman, upang higit pang mapataas ang epekto nito sa kognitibong antas, kinakailangang pagtuunan ng pansin ang pagpapalalim ng pagpapaliwanag at pagpapataas ng kalinawan ng mga ideya upang mapanatili ang akademikong kahusayan at mas epektibong matugunan ang pangangailangan ng mga mambabasa.

**Talahanayan 1.3. Pag-uugaling makikita sa mga mag-aaral pagkatapos magsuri gamit ang limang batayan ng pagmamarka, ang Suritronikong Aplikasyon batay sa bisa ng sining ng pelikula sa kaasalan**

| Bisa sa Kaasalan | Mean | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.06 | Magaling | 1 |
| Pagkaorganisa | 3.96 | Magaling | 2 |
| Pagpapaliwanag | 3.7 | Magaling | 3 |
| Kaugnayan | 3.62 | Magaling | 4 |
| Kalinawan | 3.56 | Magaling | 5 |
| **Kabuuan** | **18.9** | **Magaling** | |

Batay sa pagsusuri ng bisa ng pananaliksik sa aspetong kaasalan, lumilitaw na ito ay may kabuuang interpretasyong "Magaling." Ipinapahiwatig nito na ang pag-aaral ay may kakayahang humubog ng wastong kaasalan, positibong pananaw, at makabuluhang pag-uugali sa mga mambabasa. Ang resulta ay nagpapakita na ang pananaliksik ay hindi lamang may intelektwal na bisa kundi may kakayahan ding makaapekto sa pagpapahalaga at pananaw ng indibidwal.

Nangunguna sa ranggo ang Nilalaman. Ipinapakita nito na ang impormasyong inilahad sa pananaliksik ay may mataas na kalidad at may malalim na impluwensya sa kaasalan ng mga mambabasa. Ang mataas na antas ng bisa sa aspetong ito ay nagpapahiwatig na ang pananaliksik ay naglalaman ng makabuluhang impormasyon na maaaring magdulot ng positibong pagbabago sa pananaw at asal ng indibidwal.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang pananaliksik ay may malakas na impluwensya sa kaasalan ng mga mambabasa, na may kakayahang hubugin ang kanilang pananaw at pagpapahalaga sa tamang pag-uugali. Sa lokal na konteksto, ipinakita sa pag-aaral nina Cruz at Santos (2020) na ang paggamit ng mga aplikasyon sa pagsusuri ay may malaking epekto sa pagpapabuti ng disiplina at kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip. Gayunpaman, upang higit pang mapalakas ang bisa nito, kinakailangang pagtuunan ng pansin ang pagpapalalim ng pagpapaliwanag, pagpapataas ng kaugnayan ng nilalaman sa kasalukuyang isyu, at pagpapaigting ng kalinawan sa mga ideyang inilahad. Sa ganitong paraan, mas matitiyak na ang pananaliksik ay magiging isang mas epektibong instrumento sa paglinang ng mataas na antas ng kaasalan at etikal na kamalayan sa mga mambabasa.

**Talahanayan 1.4. Pag-uugaling makikita sa mga mag-aaral pagkatapos magsuri gamit ang limang batayan ng pagmamarka, ang Suritronikong Aplikasyon batay sa bisa ng sining ng pelikula sa lipunan**

| Bisa sa Lipunan | Mean | Berbal na Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | 4.18 | Magaling | 1 |
| Pagkaorganisa | 4.12 | Magaling | 2 |
| Pagpapaliwanag | 3.9 | Magaling | 3.5 |
| Kaugnayan | 3.9 | Magaling | 3.5 |
| Kalinawan | 3.84 | Magaling | 5 |
| **Kabuuan** | **19.94** | **Magaling** | |

Batay sa resulta ng isinagawang pagsusuri, ang pananaliksik ay may mataas na antas ng bisa sa lipunan, na may kabuuang mean na 19.94, na may berbal na interpretasyong "Magaling." Ipinapahiwatig nito na ang pananaliksik ay may kakayahang lumikha ng makabuluhang epekto sa lipunan sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mahahalagang impormasyon, pagbibigay-linaw sa mahahalagang isyu, at pagpapalakas ng kamalayan sa mga mambabasa.

Ang Nilalaman, na may mean na 4.18, ang nakakuha ng pinakamataas na ranggo. Ipinakikita nito na ang pananaliksik ay may mataas na antas ng kahalagahan at may makabuluhang kontribusyon sa pagpapaliwanag ng mga isyung panlipunan. Ang kalidad ng impormasyong inilalahad ay masusing nailatag, na nagbibigay ng sapat na pundasyon para sa mas malalim na pagsusuri at pagpapahalaga ng mga mambabasa sa mga usaping panlipunan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang pananaliksik ay may malakas na bisa sa lipunan, na may mataas na antas ng kahalagahan, organisasyon, at kaugnayan sa mga kontemporaryong isyu. Gayunpaman, upang higit pang mapalakas ang epekto nito, kinakailangang pagtuunan ng pansin ang pagpapalawak ng pagpapaliwanag, pagpapalalim ng koneksyon sa aktwal na sitwasyon ng lipunan, at pagpapabuti ng kalinawan sa pagpapahayag ng mga ideya. Mula sa pananaliksik nina Hattie (2009), nagpapakita na ang malinaw at organisadong pagtatasa ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng mga gawi ng mag-aaral sa loob ng silid-aralan at sa mas malawak na konteksto ng lipunan. Sa pamamagitan nito, mas magiging epektibo ang pananaliksik sa pagbibigay ng mahalagang kontribusyon sa akademikong diskurso at sa mas malawak na konteksto ng lipunan.

**Pagbuo ng makabagong dulos sa Pagsusuri ng Pelikula na tinatawag na Suritronikong Aplikasyon**

Ang pagbuo ng Suritronikong Aplikasyon bilang isang digital na kagamitan sa pagtuturo ng panitikan ay isinagawa bilang tugon sa mga hamong kinakaharap ng mga guro sa epektibong paggamit ng mga video sa pagtuturo ng panitikan, partikular ng mga akdang pampanitikan ng Pilipinas. Batay sa mga datos mula sa mga guro, lumitaw ang mga suliranin gaya ng kakulangan sa maayos na estrukturang kagamitan, kahirapan sa pagpili ng angkop na multimedia content, at kakulangan ng gabay kung paano gagamitin ang mga video upang mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan. Dahil dito, idinisenyo ng mananaliksik ang Suritronikong Aplikasyon upang magsilbing maayos, madaling gamitin, at abot-kayang plataporma na tumutulong sa mga guro sa pagpapayaman ng kanilang mga pamamaraang pang-instruksiyon gamit ang multimedia.

Sa pamamagitan ng maingat na pagpili ng mga video mula sa mapagkakatiwalaang online na mapagkukunan, sinisiguro ng site na ang nilalaman ay may kaugnayan sa pamumuhay ng isang pamilya, pag-uugali at kultura, alinsunod sa mga tema at konteksto ng panitikang Pilipino.

Hindi lamang nito tinutulungan ang mga guro na makatipid sa oras kundi tinitiyak din nitong ang mga multimedia resources ay tumutugon sa partikular na layunin sa pagkatuto. Higit pa rito, ang Suritronikong Aplikasyon ay hindi lamang isang imbakan ng mga video—ito ay may estrukturang disenyo na gabay sa mga guro kung paano maisasama nang maayos ang mga ito sa kanilang talakayan. Naglalaman din ito ng pagsusuri ng pelikula upang makatulong sa paggabay sa mga mag-aaral. Layunin nitong palakasin ang kumpiyansa ng mga guro sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo.

Dagdag pa rito, ang toolkit ay idinisenyo batay sa mga pangangailangan at limitasyon ng mga guro, kaya't maaari itong iakma sa iba't ibang istilo ng pagtuturo at antas ng kaalaman sa teknolohiya. Sa pamamagitan ng paggamit ng multimedia, pinapalalim din nito ang pakikilahok ng mga mag-aaral at kanilang pag-unawa, anuman ang kanilang uri ng pagkatuto. Mahalaga rin na nagsisilbi itong digital archive na nagpapanatili at nagpapahalaga sa panitikang Pilipino, upang ang mga mahahalagang yaman ng panitikan ay manatiling abot-kamay ng mga guro at mag-aaral—hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi pati sa mas malawak na pag-aaral.

**Talahanayan 2.1. Lebel ng balidasyon sa binuong materyal batay sa disenyo**

| Mga Pahayag | Guro | | Mga Mag-aaral | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **A. Disenyo** | Mean | BI | Mean | BI | Overall | BI |
| 1. Nauunawaan at nababasa ang mga salitang nakapaloob sa binuong Electronic Application | 4.88 | LK | 4.96 | LK | 4.92 | LK |
| 2. Sapat ang laki ng mga titik upang mabasa nang maayos. | 4.88 | LK | 4.98 | LK | 4.93 | LK |
| 3. Ang ilustrasyong ginamit sa materyal ay may kaugnayan sa paksa. | 5.00 | LK | 5.00 | LK | 5.00 | LK |
| 4. Naangkop ang kulay na ginamit sa binuong Electronic Application. | 4.75 | LK | 4.88 | LK | 4.82 | LK |
| 5. May sapat na espasyo ang bawat salita at bahagi nito. | 4.75 | LK | 4.92 | LK | 4.84 | LK |
| **Weighted Mean** | **4.85** | **LK** | **4.95** | **LK** | **4.90** | **LK** |

Batay sa ipinakitang datos, makikita na ang disenyo ng binuong Elektronikong Aplikasyon o tinatawag na Suritronikong Aplikasyon ay lubos na kinikilala ng mga guro at mag-aaral bilang Lubos na Katanggap-tanggap. Sa pananaw ng mga guro, nakamit ang weighted mean na 4.85, habang sa panig naman ng mga mag-aaral ay nakakuha ng mas mataas na weighted mean na 4.95. Nakakuha ng pinakamataas na marka sa lahat ng pahayag ang item na "Ang ilustrasyong ginamit sa materyal ay may kaugnayan sa paksa" na parehong nakakuha ng 5.00, na nagpapakita ng ganap na pagsang-ayon sa kaugnayan ng mga ginamit na visual aids sa nilalaman ng aralin. Sa kabuuan, ang mga pahayag na may kinalaman sa laki ng titik, espasyo, kulay, at paggamit ng ilustrasyon ay mataas ang marka, na nagpapahiwatig na ang disenyo ng binuong materyal ay nakatutugon sa mga pamantayan ng epektibong kagamitang pampagtuturo.

Ayon kay Mayer (2009) sa kanyang Multimedia Learning Theory, ang mahusay na disenyo ng mga kagamitang pampagtuturo ay nakatutulong sa mas mataas na antas ng pagkatuto. Binanggit niya na mahalaga na ang mga elemento tulad ng teksto, larawan, at kulay ay naiaangkop sa nilalaman at hindi nagiging sagabal sa atensyon ng mag-aaral. Sinusuportahan ito nina Clark at Lyons (2010), na nagsasabing ang paggamit ng mga visual elements na may malinaw na koneksyon sa aralin ay nakatutulong upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

Samakatuwid, ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang disenyo ng Suritronikong Aplikasyon ay nakabatay sa mga pamantayan ng mahusay na kagamitang pampagtuturo na ayon sa teorya at prinsipyo ng epektibong multimedia learning.

**Talahanayan 2.2. Lebel ng pagtanggap sa binuong materyal batay sa pagkakaayos**

| Mga Pahayag | Guro | | Mga Mag-aaral | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **B. Pagkakaayos** | **Mean** | **BI** | **Mean** | **BI** | **Mean** | **BI** |
| 1. Organisado ang pagkakasunod-sunod ng mga aralin at bahagi nito. | 5.00 | LK | 5.00 | LK | 5.00 | LK |
| 2. Madaling gamitin at nakikita agad ang mga opsyong pipindutin sa Electronic Application. | 4.75 | LK | 4.96 | LK | 4.86 | LK |
| 3. Lohikal ang paglalahad ng mga suring pelikula. | 4.75 | LK | 4.88 | LK | 4.82 | LK |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 4. May tamang pagkakahanay ang bawat salita, pangungusap at talata sa Electronic Application. | 4.88 | LK | 5.00 | LK | 4.94 | LK |
| 5. May titulo ng Pelikula ang bawat suri at madaling mabuksan ang bawat isa. | 5.00 | LK | 5.00 | LK | 5.00 | LK |
| **Weighted Mean** | **4.88** | **LK** | **4.97** | **LK** | **4.92** | **LK** |

Makikita na ang aspeto ng Pagkakaayos ng binuong materyal ay nakatanggap ng mataas na weighted mean. Ang lahat ng pahayag sa kategoryang ito ay may deskriptibong interpretasyon na Lubos na Katanggap-tanggap batay sa ginamit na interpretasyon ng datos. Pinakamataas ang mean na 5.00 sa mga pahayag bilang 1 at 5, na nagpapakita na ang organisadong pagkakasunod-sunod ng mga aralin at ang pagkakaroon ng pamagat ng pelikula sa bawat suri ay parehong kinikilala bilang lubos na kapaki-pakinabang at mahalaga para sa mga guro at mag-aaral. Ang pinakamababang mean naman ay 4.75 sa mga pahayag 2 at 3 mula sa guro, na bagaman bahagyang mababa, ay nananatiling nasa kategoryang Lubos na Katanggap-tanggap, nagpapakita na may mga bahagyang espasyo pa sa pagpapabuti sa aspeto ng kaginhawaan sa paggamit at lohikal na daloy ng suring pelikula.

Ayon kay Mayer (2009) sa kanyang Cognitive Theory of Multimedia Learning, ang organisado at lohikal na pagkakapresenta ng impormasyon sa isang digital na midyum ay nagpapadali sa pagproseso ng impormasyon ng mga mag-aaral at nakatutulong sa mas epektibong pagkatuto. Ipinapakita ng datos na ang Suritronikong Aplikasyon ay naaayon sa prinsipyong ito sapagkat malinaw ang pagkakasunod-sunod ng mga aralin, may tamang pagkakahanay ng mga elemento, at madaling magamit ang mga bahagi nito, gaya ng pagkakaroon ng pamagat ng pelikula.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Moreno at Mayer (2007) na ang user-friendly interface ay mahalaga sa e-learning platforms upang mapataas ang partisipasyon ng mga mag-aaral. Naituturing na isang positibong indikasyon ang mataas na mean sa pahayag 2 na may kinalaman sa madaling paggamit ng application, bagaman ipinapakita rin na may bahagyang puwang para sa karagdagang pagsasaayos upang mas mapadali pa ang paggamit nito.

Sa kabuuan, ang datos ay nagpapakita na ang pagkakaayos ng kagamitang pampagtuturo ay lubos na nakatutugon sa pamantayan ng mga guro at mag-aaral. Ang mataas na antas ng kasiyahan ay nagpapakita na ito ay epektibong nakatutulong sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo. Gayunpaman, mahalagang ipagpatuloy ang pagmamasid at pag-upgrade sa aspeto ng user interface at lohikal na daloy ng nilalaman upang masiguro ang patuloy na bisa at kaginhawaan ng paggamit nito.

**Talahanayan 2.3. Lebel ng pagtanggap sa binuong materyal batay sa nilalaman**

| Mga Pahayag | Guro | | Mga Mag-aaral | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **C. Nilalaman** | Mean | BI | Mean | BI | Mean | BI |
| 1. Ang mga nakapaloob na salita ay angkop sa edad at lebel ng mga mambabasa nito. | 4.75 | LK | 4.82 | LK | 4.79 | LK |
| 2. Ang bawat pagpapaliwanag ay madaling maunawaan ng mga mambabasa. | 4.75 | LK | 4.92 | LK | 4.84 | LK |
| 3. May kaugnayan ang pagsusuri sa pelikulang sinusuri. | 4.75 | LK | 4.98 | LK | 4.87 | LK |
| 4. Ang binuong materyal ay kakaiba at kaakit-akit. | 4.63 | LK | 4.88 | LK | 4.75 | LK |
| 5. Nakabatay sa kurikulum ang paksa at pamamaraan ng pagsusuri. | 4.88 | LK | 5.00 | LK | 4.94 | LK |
| **Weighted Mean** | **4.75** | **LK** | **4.92** | **LK** | **4.84** | **LK** |

Batay sa datos sa aspeto ng Nilalaman, lumilitaw na ang Suritronikong Aplikasyon ay mataas ang antas ng kasiyahan batay sa pagtaya ng mga guro at mag-aaral. Nakakuha ito ng weighted mean na 4.75 sa mga guro, 4.92 sa mga mag-aaral, at pinagsamang mean na 4.84, na lahat ay may deskriptibong interpretasyon na Lubos na Katanggap-tanggap.

Pinakamataas na mean ang nakuha ng pahayag bilang 5 nagpapakita na malinaw na nakabatay sa kurikulum ang paksa at pamamaraan ng pagsusuri, na nagtatampok sa pagiging akma ng nilalaman sa itinakdang pamantayan ng edukasyon. Isa itong indikasyon na ang materyal ay sumusunod sa mga pamantayan ng DepEd na nagtatakda na ang mga kagamitang pampagtuturo ay dapat nakaugma sa curriculum guide upang masiguro ang kalidad at bisa ng pagkatuto. Samantala, ang pahayag 4 Ang binuong materyal ay kakaiba at kaakit-akit ang nakakuha ng bahagyang mababang mean na mula sa mga guro at mag-aaral, na bagamat nasa kategoryang Lubos na Katanggap-tanggap pa rin, nagpapakita na may puwang pa sa mas mataas na inobasyon at

pagiging kaakit-akit ng nilalaman. Ito ay umaayon sa pag-aaral nina Reigeluth at Carr-Chellman (2009) na ang epektibong materyal sa pagtuturo ay dapat hindi lamang akma sa kurikulum kundi mayroong elemento ng pagiging malikhain upang mas mapataas ang pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang aspeto ng nilalaman ng Suritronikong Aplikasyon ay nakitaan ng lubos na positibong pagtanggap mula sa parehong guro at mag-aaral, na nagpapakita ng kalidad, akma sa kurikulum, at pagiging angkop sa antas ng mag-aaral. Gayunman, nararapat pa ring isaalang-alang ang patuloy na pagpapahusay sa aspeto ng pagiging kaakit-akit at inobasyon ng materyal, upang mas lalo pang mapataas ang motibasyon at partisipasyon ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 2.4. Lebel ng pagtanggap sa binuong materyal batay sa kahalagahan**

| Mga Pahayag | Guro | | Mga Mag-aaral | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **D. Kahalagahan** | Mean | BI | Mean | BI | Mean | BI |
| 1. Ang materyal na ito ay nagbibigay pokus sa paglinang ng mga kakayahan at kasanayang pangkaisipan ng mga mag-aaral. | 4.88 | LK | 4.98 | LK | 4.93 | LK |
| 2. Makatutulong ang materyal na ito upang maging kolaboratibo at kooperatibo ang talakayan sa loob ng klase. | 4.75 | LK | 4.96 | LK | 4.86 | LK |
| 3. Nakalilinang ng saloobin, kawilihan at pagpapahalaga ng mga mag-aralin ang mga aralin at gawain dito. | 4.88 | LK | 5.00 | LK | 4.94 | LK |
| 4. Ang mga gawain na nakapaloob sa materyal ay makatutulong upang mahasa pa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagbasa. | 4.88 | LK | 5.00 | LK | 4.94 | LK |
| 5. Maaaring magamit sa pagtuturo at paglinang sa pagsusuri ng iba't ibang pampanitikan. | 4.88 | LK | 5.00 | LK | 4.94 | LK |
| **Weighted Mean** | **4.85** | **LK** | **4.99** | **LK** | **4.92** | **LK** |

Makikita sa datos na ang aspeto ng Kahalagahan ng suritronikong Aplikasyon ay nakatanggap ng mataas na weighted mean mula sa mga guro at mag-aaral, na may pahayag ay may deskriptibong interpretasyon na Lubos na Katanggap-tanggap. Ang pinakamataas na mean ay 5.00 mula sa mga mag-aaral sa pahayag bilang 3, 4, at 5. Ipinapakita nito na ang materyal ay lubos na nakatutulong sa paglinang ng saloobin, pagpapahalaga, kasanayan sa pagbasa at pagsulat, at pagsusuri ng mga akdang pampanitikan. Ang bahagyang mas mababang mean na 4.75 mula sa guro sa pahayag bilang 2 ay nagpapakita naman ng pangangailangan sa mas malalim na pagsasaalang-alang kung paano mapalalawak pa ang aspeto ng kolaboratibong talakayan sa klase gamit ang materyal.

Mapapansin na ang Suritronikong Aplikasyon ay kinikilala ng parehong guro at mag-aaral bilang isang makabuluhang kagamitan sa pagkatuto, lalo na sa pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagbasa, pagsusulat, at pampanitikan, at sa paglinang ng mas mataas na kognitibong kasanayan. Ayon kay Vygotsky (1978) sa kanyang Sociocultural Theory of Learning, ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng sosyal na interaksyon at kolaborasyon. Malinaw na sumusuporta sa prinsipyong ito ang binuong materyal, na nakikita ng mga tagasuri bilang isang plataporma na nagpapalawak ng kolaborasyon at kooperasyon sa loob ng klase, bagaman maaaring higit pang palakasin ang aspeto ng aktibong diskurso sa klase.

Sa kabuuan, ang Suritronikong Aplikasyon ay may mataas na antas ng kahalagahan bilang kagamitang pampagtuturo, batay sa pananaw ng mga guro at mag-aaral. Lubos itong nakatutulong sa paglinang ng mga kasanayang kognitibo, pampanitikan, at komunikatibo, gayundin sa pagbibigay-diin sa kolaborasyon sa pagkatuto. Gayunpaman, rekomendado na palakasin pa ang aspeto ng kolaboratibong diskurso sa pamamagitan ng mas dinamikong aktibidad na naka-integrate sa aplikasyon, upang higit pang mapaigting ang interaktibong pagkatuto.

**Talahanayan 3. Epekto ng pagsusuri ng Pelikula sa pag-uugali ng mga mag-aaral**

| Antas ng Kaalaman | Pag-uugali | r-value | Coefficient of Determination | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| Dayalogo Without Output | Damdamin | -0.283 | 0.08 | Small Effect |
| Dayalogo With Output | Damdamin | -0.3 | 0.09 | Medium Effect |
| Film Editing Without Output | Pag-iisip | -0.337 | 0.11 | Medium Effect |

Ipinapakita ng datos na may umiiral na epekto ang pagsusuri ng pelikula sa pag-uugali ng mga mag-aaral, partikular sa kanilang damdamin at pag-iisip. Sa pagsusuri ng dayalogo nang walang output, may maliit na negatibong epekto ito sa damdamin ng mga mag-aaral, na maaaring magpahiwatig na ang simpleng pakikinig o pagtingin lamang sa dayalogo ay hindi ganap na nakapagpapabuti ng emosyonal na reaksyon.

Gayunpaman, kapag isinama ang output sa pagsusuri ng dayalogo, ang epekto sa damdamin ay tumaas at naging katamtaman, na nagpapakita na ang aktibong partisipasyon o pagpapahayag ng sarili ay mas epektibo sa paghubog ng emosyonal na pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa aspeto naman ng pag-iisip, ang pagsusuri ng film editing kahit walang output ay may katamtamang epekto, na nagpapahiwatig na ang pagtutok sa mga teknikal na elemento ng pelikula ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kognitibong kakayahan tulad ng pag-aanalisa, pag-unawa, at pagbibigay-kahulugan.

Sa kabuuan, makikita na ang pagsusuri ng pelikula, lalo na kung isinasagawa nang may kasamang aktibong partisipasyon, ay may mahalagang papel sa paglinang ng emosyonal at kognitibong pag-uugali ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 4. Pagkakaiba ng resulta ng balidasyon ng mga guro at mag-aaral sa binuong Suritronikong Aplikasyon bilang makabagong dulog sa Pagsusuri ng Pelikula**

| Null Hypothesis | Test | Computed value | p-value | Interpretation |
|---|---|---|---|---|
| The distribution of Disenyo is the same across categories of Type of Respondents. | Independent-Samples Mann-Whitney U Test | -0.693 | .650[c] | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |
| The distribution of Pagkakaayos is the same across categories of Type of Respondents. | Independent-Samples Mann-Whitney U Test | -1.021 | .528[c] | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |
| The distribution of Nilalaman is the same across categories of Type of Respondents. | Independent-Samples Mann-Whitney U Test | -1.143 | .405[c] | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |
| The distribution of Kahalagahan is the same across categories of Type of Respondents. | Independent-Samples Mann-Whitney U Test | -2.233 | .333[c] | Walang Makabuluhang Pagkakaiba |

Ang pagsusuri gamit ang Independent-Samples Mann-Whitney U Test ay nagpakita na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mag-aaral sa apat na pangunahing aspekto ng binuong Suritronikong Aplikasyon bilang makabagong dulog sa pagsusuri ng pelikula: disenyo, pagkakaayos, nilalaman, at kahalagahan. Ipinapahiwatig ng mataas na p-values (lahat ay higit sa 0.05) na hindi sapat ang ebidensya upang tanggihan ang null hypothesis, na nagsasabing pareho ang distribusyon ng mga sagot mula sa dalawang grupo.

Sa madaling salita, pareho ang pagtanggap at pagsusuri ng mga guro at mag-aaral sa kalidad at gamit ng aplikasyon. Ipinapakita nito na ang Suritronikong Aplikasyon ay may katanggap-tanggap na disenyo at estruktura, ang nilalaman nito ay angkop at kapaki-pakinabang, at nakikita itong mahalaga at kapaki-pakinabang sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang pagkakapareho ng pananaw na ito ay mahalaga dahil nagpapakita ito ng pagiging epektibo at kabuuang pagtanggap ng aplikasyon sa magkabilang panig—ng mga tagapagturo at ng mga mag-aaral.

## V.KONKLUSYON

Batay sa kinalabasan ng pananaliksik ay nabuo ang mga sumusunod na konklusyon.

Hindi tinanggap ang haypotesis na nagsasaad na walang makabuluhang epekto ang pagsusuri ng pelikula sa pag-uugali ng mga mag-aaral. Ipinakita ng resulta na may umiiral na ugnayan sa pagitan ng pagsusuri ng pelikula at ilang aspeto ng emosyonal at kognitibong pag-uugali. Napatunayan na ang pagsusuri ng dayalogo na sinamahan ng output ay may positibong epekto sa damdamin, habang ang pagsusuri ng film editing kahit walang output ay may kaugnayan sa pag-unlad ng pag-iisip. Ipinapakita nito na ang pelikula, bilang midyum ng pagkatuto, ay maaaring maging epektibong kasangkapan sa paglinang ng emosyonal na pag-unawa at kognitibong kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang mga natuklasan ay umaayon sa moralistong pagdulog, na tumutukoy sa pagsusuri ng panitikan batay sa mga aral, pagpapahalaga, at impluwensya nito sa asal ng tao. Sa pamamagitan ng moralistikong lente, ipinapakita ng pagsusuri ng pelikula na ito ay hindi lamang aliwan kundi isang makapangyarihang kasangkapan sa paghuhubog ng damdamin, asal, at kaisipan ng mga mag-aaral. Ang mga tema, dayalogo, at biswal na elemento sa pelikula ay maaaring magsilbing salamin ng realidad na nagtuturo ng mabubuting asal, nagpapalawak ng pananaw, at nag-aanyaya sa malalim na pagninilay hinggil sa moral at etikal na isyu. Kaya naman, ang pelikula ay nagiging mahalagang midyum sa paghubog ng kabuuang pagkatao ng mag-aaral alinsunod sa layunin ng moralistang pagdulog.

Tinanggap ang haypotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa balidasyon ng mga guro at mag-aaral hinggil sa Suritronikong Aplikasyon bilang makabagong dulog sa pagsusuri ng pelikula. Parehong grupo ay nagpakita ng positibong pananaw sa disenyo, pagkakaayos, nilalaman, at kahalagahan ng materyal. Ipinapakita nito na ang aplikasyon ay mabisang kagamitang panturo na angkop sa pangangailangan ng parehong tagapagturo at mag-aaral. Sa kabuuan, napatunayang ang Suritronikong Aplikasyon ay lubos na katanggap-tanggap at may potensyal na maisama sa kurikulum bilang interaktibo at modernong estratehiya sa pagtuturo.

Nakabase ang pagbuto nito sa Differentiated Instruction Learning Theory dahil binibigyang pansin nito ang kahandaan, kaalaman, at interes ng mga gagamit para sa pagkatuto. Nakatulong din ang Instructional Design Theory upang maging maayos hindi lamang ang nilalaman ng isang kagamitang pampagtuturo gayundin ang disenyo na pumupukaw ng pansin ng mga mag-aaral upang maging kawili-wili ang talakayan.

## SANGGUNIAN:


**Books:**

[1] B.S. Bloom. *Taxonomy of Educational Objectives: The Classification of Educational Goals.* (Longman, Green, 1956)

[2] L.S. Vygotsky. *Mind in Society: The Development of Higher Psychological Processes*. (Harvard University Press, 1978)

[3] R.C. Clark, *Evidence-based training methods: A guide for training professionals (2nd ed.)*. (American Society for Training & Development,, 2014)

[4] R.E. Mayer, *The Cambridge handbook of multimedia learning.* (Cambridge University Press, 2005)

**Journal Papers:**

[5] R.B. Tolentino. *Hinahanap, Kaya Nawawala. Plaridel*, 13(1), 2016, 1656-2534

[6] Santos, M. C. Epekto ng digital instructional material sa pagkatuto ng Agham. Luz Y Saber, 14(1), 2020, 102-115.

**Chapters in Books:**

[7] C.M. Reigeluth. *Instructional theory and technology for the new paradigm of education.* (Revista de Educación a Distancia, 2012) (32), 1-17.

[8] N.C.L. Zamora. Pagtataya sa Modularisasyon ng K-12 sa Asignaturang Filipino: Tungo sa Pagbuo ng Modelo ng Ebalwasyon para Kagamitang Panturo na Tutugon sa Ika-21 Siglong Kasanayan. (The Normal Lights, 2016) 10(102), 207-236